

H E K A S I 5

Modified In-School Off-School Approach Modules (MISOSA)
Distance Education for Elementary Schools
SELF-INSTRUCTIONAL MATERIALS



KAHALAGAHAN NG BATAS SA PAG-UUGNAY NG MGA UNANG PILIPINO



Department of Education
BUREAU OF ELEMENTARY EDUCATION
2nd Floor Bonifacio Building
DepEd Complex, Meralco Avenue
Pasig City

Revised 2010

by the Learning Resource Management and Development System (LRMDS),
DepEd - Division of Negros Occidental
under the Strengthening the Implementation of Basic Education
in Selected Provinces in the Visayas (STRIVE).

Section 9 of Presidential Decree No. 49 provides:

“No copyright shall subsist in any work of the Government of the Republic of the Philippines. However, prior approval of the government agency or office wherein the work is created shall be necessary for exploitation of such work for profit.”

This material was originally produced by the Bureau of Elementary Education of the Department of Education, Republic of the Philippines.

This edition has been revised with permission for online distribution through the Learning Resource Management Development System (LRMDS) Portal (<http://lrmds.deped.gov.ph/>) under Project STRIVE for BESRA, a project supported by AusAID.



GRADE V

KAHALAGAHAN NG BATAS SA PAG-UUGNAYAN NG MGA UNANG PILIPINO



ALAMIN MO

Tungkulin ng isang pinuno ang pagpapatupad ng mga kinikilalang batas sa kanyang nasasakupan. Ano kaya ang kahalagahan ng batas sa pag-uugnayan ng mga Pilipino?

Malalaman mo sa modyul na ito kung paano ang paggawa ng batas sa barangay ng mga unang Pilipino, paano ang pamamalakad ng hukuman sa barangay at patakaran ng barangay sa pakikipag-ugnayan sa ibang barangay.

Sa lahat ng gawain, intindiing mabuti ang binabasa at sumunod sa mga panuto. Isulat sa kuwaderno ang mga hinihiling sa bawat gawain.



PAGBALIK-ARALAN MO

Sa nakaraang modyul, napag-aralan mo ang tungkol sa pagkakatulad at pagkakaiba ng pamahalaang barangay at pamahalaang sultanato.

Basahin ang bawat paksa at kung ito ay magkasintulad sa barangay at sultanato, isulat ang **MK** at kung ito naman ay magkaiba, isulat ang **MI**. Isulat sa kuwaderno ang sagot.

1. Pagpili sa pinuno
2. Hawak na kapangyarihan
3. Lawak ng nasasakupan
4. Lupon na tumutulong sa pinuno





PAG-ARALAN MO

Ano ang mga uri ng batas sa barangay?

Ang mga batas sa barangay ay nauuri sa dalawa – ang hindi nakasulat at ang nakasulat.

Ang mga hindi nakasulat na batas ay batay sa kaugalian at tradisyon. Nagpasalin-salin ang mga ito sa mga henerasyon sa pamamagitan ng pagkukuwento, pangangaral at patuloy na paggamit.

Ang mga batas na nakasulat ay ginagawa ng datu katulong ang kanyang tagapayo. Sa ibang barangay ang Lubluban ang gumagawa ng batas. Ipinapahayag ang mga batas sa pamamagitan ng umalahokan o tapapagbalita sa barangay.

Ano ang nasasaklawan ng mga batas?

Ang saklaw ng mga batas ay nauukol sa paggalang sa mga magulang at matatanda, parusa sa pagnanakaw, pagtataksil, pandaraya, pagsasamantala, pagmamay-ari ng lupa at hindi pagsimba.

Ang ilan sa mga malubhang pagkakasala ay ang pag-alipusta, pagpaslang, panununog, pangungulam, pagnanakaw at pagpasok nang walang pahintulot sa tahanan ng Datu kung gabi. Ang kaukulang parusa ay maaaring kamatayan, pagkaalipin, pagsunog, o pagbayad ng mataas na multa.

Ang mga kasalanang magagaan ay ang pandaraya, pang-uumit, palsong panunumpa at pag-awit sa gabi kung natutulog na ang mga tao. Ang kaukulang parusa ay maaaring pagpataw ng mababang multa, paghahampas, pagtatali sa langgaman, o kaya'y mahabang oras ng paglangoy.

Paano ang paglilitis?

Ang paglilitis sa mga may kaso ay ginagawa sa harap ng publiko. Ang Datu ang tumatayong hukom at pinagpapayuhan siya ng lupon ng mga marurunong na Agurang. Sa maraming pagkakataon, ang panig na nakapaghaharap ng pinakamaraming saksi at ebidensiya ang siyang nananalo. Sa ibang barangay, ang paglilitis ay ginagawa sa pamamagitan ng sibatan o tagaan. Ang matalo sa labanan ay ipinalalagay na siyang may sala.





Ang mga taong pinaghihinalaang nagkasala ay idinadaan sa mga pagsubok. Ang isang halimbawa ng pagsubok ay ang pagsisid nang matagal sa ilalim ng ilog at ang unang umahon sa tubig ang ipinahahayag na nagkasala. Ang isa pang halimbawa ay ang pagkuha ng bato sa loob ng sisidlang may lamang kumukulong tubig at ang taong hindi gaanong napasong kamay ang pinawawalang-sala. Ang isa pang pagsubok ay ang paghawak ng kandilang may sindi at kung sino ang unang namatayan ng kandila ay itinuturing na maysala.

Ano ang kahalagahan ng batas sa pag-uugnayan ng mga Pilipino?

Ang mga batas ang nagtatakda ng mga dapat at di-dapat gawin. Ang mga batas ang naging patnubay ng mga tao sa pakikisalamuha sa ibang tao sa barangay na kanyang kinabibilangan at pati na rin sa ibang barangay.

Ang pakikipag-uugnayan sa ibang barangay ay nakatutulong sa pag-iwas sa mga digmaan at hindi pagkakaunawaan, at pagtatatag ng sistemang pangkalakalan. Hangad ng bawat barangay na magkaroon ng tiyak na kapalitan ng mga produkto tulad ng mga pagkain, damit, o kasangkapan at tiyak na kaibigan at kaalyado.

Ang mga datu sa iba't ibang barangay ay nakikipagkasundo upang mapanatili ang pagkakaibigan at mapayapang samahan. Isinasagawa ang isang seremonyang tinatawag na **sanduguan**. Sa sanduguan, ang mga kalahok ay naghahiwa nang kaunti sa kanilang bisig at pinatutulo ang kanilang dugo sa isang kopita ng alak. Ang pinaghalong alak at dugo ay iniinom ng bawat kalahok at ito ay sagisag ng kanilang pagkakaugnay sa dugo.

Nangangako ang mga nagsandugo na magiging matapat sa pag-uugnayan at nagtuturingan silang magkapatid at magkaibigan. Ang ibang dumalo naman sa pulong at sanduguan ang mga saksi sa seremonya na nagtatapos sa isang masaganang salu-salo na tinatampukan ng sayaw, tugtugin at paligsahan sa paghawak ng sandata. Ang kasayahan ay tanda ng matagumpay na pagpupulong at pagkakasundo ng mga barangay.





PAGSANAYAN MO

Nabasa mo ba nang mabuti ang aralin? Kung ganun, isulat ang sagot sa bawat tanong sa iyong kuwaderno.

1. Anu ang pagkakaiba ng batas na di-nasusulat at batas na nasusulat?
2. Anu-ano ang nasasaklawan ng mga batas sa barangay?
3. Paano ginagawa ang paglilitis?
4. Paano ginagawa ang isang kasunduan?
5. Bakit mahalaga ang batas sa pag-uugnayan ng mga tao sa barangay?



TANDAAN MO

- Ang mga batas sa barangay ay nauuri sa dalawa – hindi nakasulat at nakasulat.
- May kaukulang parusa ang bawat paglabag sa batas.
- Ang pagtupad sa batas ay mahalaga sa maayos na pag-uugnayan ng mga mamamayan.



ISAPUSO MO

Isulat ang sagot sa mga sumusunod na tanong sa iyong kuwaderno.

1. Bilang mag-aaral, ikaw ba ay nakikipag-ugnayan sa inyong barangay?
2. Paano mo isinasagawa ang pakikipag-ugnayan?





GAWIN MO

Isulat ang sagot sa kuwaderno.

Kung ikaw ay isang pinuno, paano mo ipapakita sa iyong mga kasapi at sa ibang mga pinuno na matapat ka sa iyong tungkulin?



PAGTATAYA

Isulat ang titik ng tamang sagot sa kuwaderno.

1. Ang pagtiyak sa tao o mga taong dapat bigyan ng parusa dahil sa paglabag sa batas ng barangay ay isinasagawa sa pamamagitan ng paglilitis at _____.
 - A. pagpapahula
 - B. pagsasagawa ng seremonya
 - C. pagsubok
 - D. paghahandong ng pilak at ginto
2. Ang sanduguan ay isang seremonyang sumasagisag sa _____.
 - A. pakikipagkalakalan
 - B. pakikipagkaibigan
 - C. kasaganaan
 - D. paglilitis ng isang kaso sa barangay
3. Napararating sa buong barangay ang mga batas mula sa datu sa pamamagitan ng _____.

A. Lubluban	C. Agurang
B. Umalahokan	D. Raha
4. Ang iniinom sa isang sanduguan ay alak at _____ ng mga gumagawa ng kasunduan.

A. katas ng niyog	C. tubig
B. katas ng kalabaw	D. dugo




5. Alin sa mga sumusunod ang HINDI layunin ng pakikipag-ugnayan ng mga barangay?
- Pag-iwas sa digmaan
 - Pagpapalitan ng produkto
 - Pagpapalawak ng nasasakupan
 - Pakikipagkaibigan

PAGPAPAYAMANG-GAWAIN

Kung ikaw ay isang datu sa isang barangay noong unang panahon, alin sa mga sumusunod na batas ang bibigyan mo ng pinakamalaking panahon para maipatupad ito? Ipaliwanag kung bakit. Isulat sa kuwaderno ang iyong sagot.

- Paggalang sa magulang at matatanda
- Pagmamay-ari ng lupa
- Paninilbihan sa datu



Binabati kita at matagumpay mong natapos ang modyul na ito! Maaari mo na ngayong simulan ang susunod na modyul.